

# Magmungkahi ng isang bagong dating na gumawa ng pagbabago

Hunyo 28, 2023 [Mga katanungan sa media](#)

Bukas ang mga nominasyon para sa Mga Parangal ng Pagkilala sa Bagong Dating sa Alberta (Alberta Newcomer Recognition Awards), na ipinagdiriwang ang mga imigrante na gumagawa ng mga natatanging kontribusyon sa ating mga komunidad.

Sinuman ay maaaring magmungkahi ng isang bagong dating na nagpayaman sa lalawigan sa pamamagitan ng mga aktibidad ng pagboboluntaryo, pamumuno, pagbabago sa negosyo, mga tagumpay sa kanilang akademiko o propesyonal na larangan, o sa pamamagitan ng paglikha ng higit na nakakaengganyo at inklusibong mga komunidad.

Kinikilala ng mga kategorya ng parangal ang mga nagawa ng kabataan, mga kababaihan, mga nakatatanda, negosyante, mga akademya, mga propesyonal at mga tagabuo ng komunidad. Hanggang dalawang mga nominado ang maaaring gawaran sa bawat kategorya.

“Mas malakas ang Alberta dahil sa maraming mga imigrante na nagdaragdag sa panlipunan, pang-ekonomiya at pangkultural na tela ng ating lalawigan. Ang mga bagong dating ay nagdadala ng mga bagong ideya, mga kasanayan at mga talento. Pinupunan nila ang mga kakulangan sa paggawa, nagsisimula ng kanilang sariling mga negosyo at nagsasagawa ng mga aktibong tungkulin sa kanilang mga kapitbahayan, mga paaralan at mga lugar ng trabaho. Mahalagang maglaan tayo ng oras para parangalan ang mga kahanga-hangang indibidwal na ito.”

*Muhammad Yaseen, Ministro ng Imigrasyon at Multikulturalismo*

Ang mga pagsusumite ay sinusuri batay sa mga pamantayan tulad ng pangkalahatang kontribusyon ng nominado, kung paano natugunan ng kanilang mga aksyon ang isang pangangailangan at nakaapekto sa iba, at kung paano sila nagpakita ng pamumuno at pagka-orihinal kapag nilulutas ang problema.

Ang mga nominasyon ay tinatanggap sa pamamagitan ng isang online na portal. Ang huling araw para mag-aplay ay Hulyo 31.

Ang programa ng parangal ay isa sa maraming mga inisyatiba ng pamahalaan upang tulungan ang mga bagong dating na lumipat sa buhay sa Alberta at bigyang kapangyarihan ang mga Albertan na ibahagi ang kanilang pagkakaiba-iba at kultura sa iba.

## Mabilis na mga Katotohanan

- Bukas ang mga nominasyon hanggang Hulyo 31.
- Kasama sa mga parangal ang siyam na mga kategorya: Kontribusyon sa Karera at mga Akademiko, Entrepreneurial na Diwa, mga Inklusibong Lugar ng Trabaho, Bagong Dating na Kampeon, Sinyor na Espiritong Parangal, Pagpapahusay ng Maliit na Komunidad, Inspirasyon ng Mag-aaral, Epekto sa Bagong Dating na Kababaihan, at Batang Pinuno.
- Ang mga nominasyon ay dapat isumite sa pamamagitan ng isang online na portal.
- Upang maging karapat-dapat, ang mga nominado ay dapat na:
  - maging isang indibidwal (hindi isang grupo o organisasyon)
  - ay hindi nakatanggap ng isang katulad na parangal ng Pamahalaan ng Alberta
  - ay ipinanganak sa labas ng Canada (ngunit maaaring nanirahan sa Canada ng maraming taon)
  - isang permanenteng residente o mamamayan ng Canada
  - walang hatol na kriminal kung saan hindi nakatanggap ng kapatawaran
  - hindi isang nahalal na opisyal
  - naninirahan sa Alberta sa panahon ng nominasyon
  - nag-ambag sa Alberta

## Kaugnay na impormasyon

- [Mga Parangal ng Pagkilala sa Bagong Dating ng Alberta \(Alberta Newcomer Recognition Awards\)](#)

# Multimedia

- [Alberta Newcomer Recognition Awards Video](#)